JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhawahunon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon


Republic of the Philippines

Department of Education

Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


# 5

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikatatlong Markahan- Modyul 1:

## Gamit ng Pang-abay at Pang-uri sa Paglalarawan ng Kilos



Pangalan: ____________________________________

Baitang/Seksyon: ______________________________

Paaralan: ____________________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**


**Manunulat:** Elma T. Pactol
**Editor:** Lindo O. Adasa Jr.
Shayne Everette U. Eldian
Philip D. Caermare
**Tagasuri:** Julieta H. Tibon
Roderick R. Luna
Jane J. Maghinay
**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:** Edgardo Jamilar Jr.
**Tagalapat:** Peter Alavanza
**Tagapamahala:** Felix Romy A. Triambulo, CESO V
Oliver B. Talaoc, Ed. D.
Ella Grace M. Tagupa, Ed D
Jephone P. Yorong, Ed D
Lindo O. Adasa Jr.



# Alamin

Pagkatapos mong isagawa ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- ❖ nagagamit ang pang-abay sa paglalarawan ng kilos
- ❖ nagagamit ang pang-abay at pang-uri sa paglalarawan.



# Balikan

Panuto: Basahin at unawain ang teksto. Sagutin ang mga tanong batay sa hinihinging mahalagang impormasyon mula sa binasang teksto. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

**KATIPUNAN**

Maraming taon na ang nakalipas, ang Pilipinas noon ay nasa ilalim ng kapangyarihan ng **Espanya**. Sa pagnanais ng mga Pilipinong makalaya, ay nagtatag sila ng isang samahan. Ang samahan ay nakilala sa tawag na **Katipunan- Kataas-taasang, Kagalang-galang na Katipunan ng mga Anak ng Bayan**.

Ang samahan ay binubuo ng matatapang na **bayani**. Sina Andres Bonifacio, Emilio Jacinto at Dr. Pio Valenzuela ang magkakasama sa pamumuno ng samahan. Si Andres Bonifacio ang kanilang supremo. Kinikilalang Utak ng Katipunan si Emilio Jacinto **dahil siya ang sumulat ng Kartilya ng Katipunan na kinapapalooban ng mahahalagang aral**.

Naganap ang Unang Sigaw sa Pugadlawin noong **ika-23 ng Agosto, 1896** nang matuklasan ng mga Espanyol ang samahan.Buong giting na nakipaglaban ang mga bayani sa pagtatanggol sa kalayaan. Ang mataas na bantayog sa balintawak ang magpapaalaala sa atin ng Unang Sigaw ng paghihimagsik.

---

**Hiyas sa Wika,** *Lydia P. Lalunio,Ph..D, F.G.R, Binagong Edisyon,(2010), pp. 90*

1.) Sa anong bansa napasailalim ang Pilipinas ng maraming taon?

A. Europa B.Espanya

C.Italya D.Mexico

2.) Ano ang buong tawag sa samahang itinatag ng mga Pilipino?

A. Kagalang-galang na Katipunan

B. Anak ng Bayan

C. Katipunan- Kataas-taasang, Kagalang-galang na Katipunan ng mga Anak ng Bayan
D. Katipunan ng mga Anak ng Bayan

3.)Sino-sino ang bumubuo ng samahang kanilang itinatag?
A. Mga bayani B.Mga presidente
C.Mga alkalde D.Mga dayuhan

4.) Bakit kinikilalang Utak ng Katipunan si Emilio Jacinto?
A. dahil siya ay magaling at mautak sa digmaan
B. dahil siya ang supremo ng Katipunan
C. dahil siya ang sumulat ng Kartilya ng Katipunan na kinapapalooban ng mahahalagang aral
D. wala sa nabanggit


5.) Kailan naganap ang Unang Sigaw sa Pugadlawin?
A. ika-23 ng Agosto, 1896
B. ika-23 ng Agosto, 1986
C. ika-18 ng Agosto, 1896
D. ika-23 ng Agosto, 1698

| | |
|---|---|
| Aralin 1 | Nagagamit ang Pang-abay sa paglalarawan ng kilos<br>Nagagamit ang pang-abay at pang-uri sa paglalarawan |



# Tuklasin

Tunghayan ang larawan. Subukang sagutin ang mga kasunod na katanungan. Isulat sa inilaang patlang ang iyong sagot.



Tanong:

1. Paano mo ilalarawan ang pamilyang ito?

   Sagot: ___________________________________________________

2. Ano-ano ang mga gawaing pantahanan ang iyong nakita sa larawan?

   Sagot: ___________________________________________________

   ___________________________________________________

3. Pumili ng isang gawain na iyong nakita sa larawan. Isulat kong paano mo isagawa ang kilos ng iyong napiling gawain.

   Sagot:___________________________________________________

   ___________________________________________________

Sa araling ito, pag-aralan natin ang gamit ng pang-abay at pang-uri sa paglalarawan.



# Suriin

Basahin at unawaing mabuti ang pahayag sa ibaba.

Ang **<u>pang-uri</u>** ay salitang naglalarawan o nagbibigay turing sa pangngalan o panghalip.

Halimbawa:

1. **Ang pagong ay <u>mabagal.</u>**

Ang salitang "mabagal" na ginagamit sa pangungusap ay tinatawag nating pang-uri. Ito ay naglalarawan sa pagong.

2. **Si Jose Rizal ay <u>matapang</u> na bayani**.

Ang salitang ginamit sa paglalarawan kay Jose Rizal ay matapang. Ang salitang matapang ay ginamit bilang pang-uri sa pangungusap.

3. **Ang nanay ko ay <u>masipag</u>.**

Ang pang-uring ginamit sa paglalarawan kay nanay ay masipag.

Ang **pang-abay** ay mga salitang naglalarawan ng pandiwa, pang-uri o kapwa pang-abay. May iba't-ibang uri ang pang-abay:

**Pang-abay na pamaraan** ay nagsasabi kung paano ginagawa ang kilos. Sumasagot sa tanong na *paano*.

Halimbawa:

**Tahimik umiyak ang babae.**

Ang salitang "tahimik" ay tinatawag na pang-abay na pamaraan na ginamit upang ilarawan ang pandiwang "umiyak".

**Pang-abay na pamanahon** ay mga salitang naglalarawan kung kailan nagawa ang kilos o gawain. Sumasagot ito sa tanong na *kailan.*

Halimbawa:

**Ang mga mag-anak ay nagsisimba tuwing Linggo.**

Ang salitang "tuwing Linggo" ay tinatawag na pang-abay na pamanahon na ginamit upang ilarawan kung kailan isinagawa ang pandiwang "nagsisimba".

**Pang-abay na panlunan** ay mga salitang tumutukoy sa lugar na pinangyarihan ng kilos. Sumasagot ito sa tanong na saan.

Halimbawa:

**Naglinis si nanay sa kusina.**

Ang salitang "kusina" ay tinatawag na pang-abay na panlunan na ginamit upang tumutukoy sa kung saan ang lugar na pinangyarihan ng kilos.

Narito naman ang halimbawa kung paano gamitin ang salitang "matapat" bilang pang uri at pang-abay:

1.Ang anak ni Aling Lita ay <u>matapat.</u>

2. <u>Matapat</u> maglingkod ang aming punong-bayan.

Sa unang pangungusap ginamit ang salitang matapat bilang pang-uri dahil ito ay naglalarawan ng pangalan.

Sa ikalawang pangungusap naman, ginamit ang salitang "matapat" bilang pang-abay. Ito ay naglalarawan kung paano isinagawa ang kilos ng

Kulang ang isang pahayag kung hindi ka nakapaglalarawan. Kailangan mong mailarawan ang mga bagay na iyong nakikita, naririnig, naaamoy, natitikman at nahahawakan upang higit na maging epektibo ang iyong pagpapahayag. Bukod sa nabanggit, maaari mo ring ilarawan ang iyong mga ginagawa at ang bagay na iyong inilalarawan gamit ang pang-abay at pang-uri.



# Pagyamanin

Panuto: Basahin at unawain ang mga sumusunod na pangungusap. Pagkatapos, bilugan ang titik ng tamang sagot ayonsa hinihingi nito.

1.)Umalis kami ng <u>maaga</u> ng gabing iyon. Anong uri ng pang-abay ang salitang may salungguhit?

A. Pang-abay na pamaraan B.Pang-abay na pamanahon
C.Pang-abay na panlunan D.Wala sa nabanggit

2.) <u>Dahan-dahang</u> iniangat ni Rosa ang kanyang mga braso. Anong uri ng pang-abay ang salitang may salungguhit?

A. Pang-abay na pamaraan B.Pang-abay na pamanahon
C.Pang-abay na panlunan D.Wala sa nabanggit

3.)Pumunta kami sa Batangas City noong Marso. Anong salita sa pangungusap ang tumutukoy sa pang-abay na panlunan?

A. Pumunta B.kami
C.Batangas City D.Marso

4.) <u>Masarap</u> magluto ang aking ina. Anong uri ng salita ang may salungguhit?

A. pang-uri B.pang-abay
C. pangalan D.pandiwa

5.) <u>Mabilis</u> ang kabayo ni Lito. Anong uri ng salita ang may salungguhit?

A. pang-uri B.pang-abay
C. pangalan D.pandiwa



# Gawain

Gawain A.
Panuto: Salungguhitan ang pang-uri sa bawat pangungusap sa ibaba.

1.) Si Senator Manny Pacquiao ay matulungin.
2.) Ang aming guro ay maganda.
3.) Ang matabang bata ay nakatutuwang pagmasdan.
4.) Masayang naglundagan ang mga Ati.
5.) Palagi siyang malinis at mabango.

**Gawain B**
Panuto: Piliin at bilugan ang mga pang-abay na ginamit sa pangungusap sa ibaba.

1.) Malakas tumahol ang aso.
2.) Nakikita ko tuwing hapon ang paglubog ng araw sa kanluran.
3.) Mabilis magsulat ang batang si Ana.

4.) Nakipag-usap ng maayos ang mga Malayo sa mga Ati.
5.) Mahinhin kumain ang dalaga.



# Isaisip

Sa modyul na ito, natutuhan ko ang gamit ng pang-uri at pang-abay sa ________________.
Ang ______________ ay salitang naglalarawan o nagbibigay turing sa pangngalan o panghalip.

Ang **pang-abay** ay mga salitang naglalarawan ng _____________, __________ o _____________. Ang tatlong uri nito ay ang _____________, _____________ at________________.

Kailangan mong mailarawan ang mga bagay na iyong nakikita, naririnig, naaamoy, natitikman at nahahawakan upang higit na magi\ng __________ang iyong ________________.

Bukod pa dito, maaari mo ring ilarawan ang iyong mga ginagawa at ang bagay na iyong inilalarawan gamit ang ___________at ___________.





# Tayahin

I. Panuto: Unawaing mabuti ang bawat pangungusap. Suriin kung anong gamit ang salitang may salungguhit. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1.Mabagal lumakad ang pagong.
A. Pandiwa B.pang-uri
C.pang-abay D.pangalan

2.Masarap ang sopas na niluto ni Aling Nita. Aling salita ang masasabing nating pang-uri na ginamit sa pangungusap.
A. Masarap B.sopas
C.niluto D.Aling Nita

3.Mabilis matuto si Joshua
A. Pandiwa B.pang-uri
C.pang-abay D.pangalan

4.Masayang tumutulong ang mag-aaral ng Ateneo de Manila sa mga mag-aaral sa pampublikong paaralan.
A. Pandiwa B.pang-uri
C.pang-abay D.pangalan

5.Ang mga mag-aaral ay labis na naapektuhan sa mga nangyayari sa paligid.
A. Pandiwa B.pang-abay
C.pangalan D.pang-uri

6.Paisa-isa kung mamili si Mely kaya napagsabihan siya ng kapatid.
A. pang-abay B.pandiwa
C.pang-uri D.pangalan

7.Napakalinaw ng tubig mula sa bukal kaya tiyak na ligtas itong inumin.
A. Pandiwa B.pang-uri
C.pang-abay D.pangalan

8.Mainit ang ulo ng hepe kahit na mainit na tinanggap ang kaniyang talumpati.
A. Pandiwa B.pang-uri at pang-abay
C.pang-abay at pangalan D.pangalan at pandiwa

9.Malakas si Ben sa kanyang amo kaya malakas na umiyak ang nasabing kawani nang siya'y mapagalitan.
A. Pandiwa B.pang-uri at pang-abay
C.pang-abay at pangalan D.pangalan at pandiwa

10. Masigla ang handaan at masigla ring nagkuwentuhan ang mga dumalo.
   A. Pandiwa   B.pang-abay at pangalan
   C.pang-uri at pang-abay   D.pangalan at pandiwa

# Karagdagang Gawain

Gumawa ng talata tungkol sa taong iyong hinahangaan. Isulat ang kanyang mga nagawang magandang at mga tagumpay sa buhay. Pagkatapos, salungguhitan ang mga pang-uri at bilugan ang mga pang-abay na iyong gamit. Sumulat ng hindi bababa sa sampung pangungusap at gamitin ang espayong inilaan sa ibaba. Gawing batayan ang rubrik sa pagkuha ng puntos. *(15 puntos)*

RUBRIK SA PAGSULAT NG LIHAM



| Pamantayan | 5 | 3 | 1 |
|---|---|---|---|
| Organisasyon | Maayos at malinaw ang organisasyon ng mga ideya. | Hindi masyadong malinaw ang organisasyon ng mga ideya. | Lumihis sa ipinapagawa o sa dapat ipapahayag na mensahe ng gawain. |
| Gramatika at Pagbaybay | Walang mali sa pagbaybay at gramatika. | May 1-5 mali sa pagbaybay at gramatika. | May 6 o higit pang mali sa pagbaybay at gramatika. |
| Kalinisan | Napakalinis ng awtput; walang makikitang bura at nasusunod ang tamang anyo ng pagsulat ng liham, gaya ng wastong palugit at pasok. | Kakikitaan ng 1-5 pagbura ng mga salita at hindi nasunod ang tamang anyo ng pagsulat ng liham, gaya ng wastong palugit at pasok. | Kakikitaan ng 6 o higit pang pagbura ng mga salita at hindi nasunod ang tamang anyo ng pagsulat ng liham, gaya ng wastong palugit at pasok. |

# *Susi sa Pagwawasto*

Balikan
1. B
2. C
3. A
4. C
5. A

Pagyamanin
1.) B.
2.) A
3.)C
4.)B
5.A

Gawain A
1. matulungin
2. maganda
3. nakatutuwang pagmasdan
4. masaya
5. malinis at mabango

Gawain B
1. malakas
2. tuwing hapon
3. mabilis
4. maayos
5. mahinhin

ISAISIP
1. Paglalarawan
2. Pang-uri
3. Pandiwa, pang-uri o kapwa pang-abay
4. Pang-abay na pamaraan, pang-abay na pamanahon at pang-abay na panlunan
5. Epektibo
6. Pagpapahayag
7. Pang-abay at pang-uri

Tayahin

| | |
|---|---|
| 1. C | 6. A |
| 2. A | 7. B |
| 3. C | 8. B |
| 4. C | 9. B |
| 5. D | 10. C |

*Sanggunian:*

Lydia P. Lalunio, F.R. (2010). Hiyas sa Wika:Quezon City: SD Publication Inc.*pp. 90, 161-162*

*Patricia Jo C. Agarrado, M.L.F et.al. (2016)* Alab Filipino. Quezon City. Vibal Group, Inc. *pp. 137*

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.